ARALIN 3

1. Ano ang mga unang salita na isinulat ng Diyos sa Kanyang Aklat?
-Ang mga unan salita na isinulat ng Diyos sa Kanyang Aklat ay ito: “Nang pasimula.”

2. Bakit ang mga unang salita ng Diyos ay, “Nang pasimula”?
-Dahil gusto ng Diyos na malaman natin na may simula ang lahat ng bagay.

3. Bago ang simula, mayroon na bang mga ilog o lawa?
-Wala.

4. Bago ang simula, mayroon na bang mga bundok o puno?
-Wala.

5. Bago ang simula, mayroon na bang araw, buwan, o mga bituin?
-Wala.

6. Bago ang simula, mayroon na bang mga hayop o mga ibon?
-Wala.

7. Bago ang simula, mayroon na bang lupa o kalangitan?
-Wala.

8. Bago ang simula, mayroon na bang mga maputi o maitim na lahi ng tao?
-Wala.

9. Bago ang simula, mayroon na bang mga espiritu?
-Wala.



10. Sino lamang ang nag-iisang nabubuhay bago ang simula?
-Ang Diyos.

11. Dahil ang Diyos lamang ang nabuhay bago ang simula, sino ang mas dakila kaysa sa lahat?
-Ang Diyos.

12. Dahil ang Diyos lamang ang buhay bago ang simula, sino lamang ang makapagsasabi sa atin ng tungkol sa simula?
-Ang Diyos.

13. Kailan nagsimula ang Diyos?
-Ang Diyos ay walang simula.
-Ang Diyos ay laging buhay.
-Ang Diyos ay walang hanggan.

14. Mayroon bang nagsilang sa Diyos?
-Wala.
-Ang Diyos ay walang hanggan.

15. Ipinanganak ba ng Diyos ang Diyos?
-Hindi.
-Ang Diyos ay walang hanggan.

16. May sinuman ba na gumawa ng Diyos?
-Wala.
-Ang Diyos ay walang hanggan.

17. Ginawa ba ng Diyos ang Diyos?
-Hindi.
-Ang Diyos ay walang hanggan.

18. Nagkaroon ba ng panahon na ang Diyos ay hindi nabuhay?
-Wala.
-Ang Diyos ay parating buhay.
-Ang Diyos ay laging buhay.

19. Ang mga tao ay nangangailangan ng pagkain at tubig upang mabuhay. Ano ang kailangan ng Diyos upang mabuhay?
-Hindi kailangan ng Diyos ng anuman para mabuhay.

20. Paano nabubuhay ang Diyos?
-Sa pamamagitan ng Kanyang sariling kapangyarihan.

-Bakit sa iyong palagay hindi kailangan ng Diyos ng pagkain upang makakain at tubig upang uminom?

-Dahil ang Diyos ay walang katawan tulad ng mga tao.

-Bakit sa iyong palagay hindi kailangan ng Diyos ang araw upang makakita?

-Dahil ang Diyos ay walang katawan tulad ng mga tao.
-Bakit sa inyong palagay hindi kailangan ng Diyos ang lupa para lakaran?

-Dahil ang Diyos ay walang katawan tulad ng mga tao.

-May laman o katawan ba ang Diyos?
-Wala.

-May mga buto ba ang Diyos?
-Wala.



-May dugo ba ang Diyos?
-Wala.

-Ang Diyos ay walang laman, o buto, o dugo.

-Kung ang Diyos ay walang laman, o buto, o dugo, kung gayon ano ang Diyos?

-Ang Diyos ay espiritu.

-Ano ang ibig sabihin na ang Diyos ay espiritu?

-Narito ang isang paglalarawan:

-Nakikita mo ba ang hangin?
-Hindi.

-Ngunit may hangin ba?
-Oo.

-Tulad ng hindi mo nakikita ang hangin, hindi mo nakikita ang Diyos.

-Ngunit tulad ng hangin na umiiral, gayon din ang Diyos.

-Kahit na hindi mo nakikita ang Diyos, nandiyan Siya.

-Nasaan ang Diyos?

-Ang Diyos lamang ang makapagsasabi sa atin kung nasaan Siya.

-Sinabi ng Diyos sa Kanyang Aklat na Siya ay nasa lahat ng dako.

-Sinasabi ng Diyos na Siya ay nasa lahat ng dako sa lahat ng oras.

-Ang Diyos ay nasa langit.
-Ang Diyos ay nasa lupa rin.

-Ang Diyos ay nasa Amerika ngayon.
-Ang Diyos ay nasa Asya rin ngayon.
-Ang Diyos ay nasa Europa rin ngayon.

-Ang Diyos ay narito ngayon.
-Ang Diyos ay nasa lahat ng dako sa lahat ng oras.

-Maaari bang sabay na nasa Amerika at Africa ang isang tao?
-Hindi.

-Bakit hindi?
-Dahil ang mga tao ay may katawan.

-Dahil ang mga tao ay maaari lamang matagpuan sa isang lugar sa isang pagkakataon.

-Ang Diyos ay maaring nasa lahat ng dako sa lahat ng oras dahil ang Diyos ay walang katawan.

-Ang Diyos ay maaaring nasa lahat ng dako sa lahat ng oras dahil ang Diyos ay espiritu.

-Ang Diyos ay nasa lahat ng dako sa lahat ng oras.

-Kung papasok ka sa iyong bahay, sino ang kasama mo?
-Diyos.



-Kung pupupnta ka sa iyong bukid, sino ang kasama mo?
-Diyos.

-Kung bibisitahin mo ang iyong kaibigan, sino ang kasama mo?
-Diyos.

-Ang Diyos ay nasa lahat ng dako sa lahat ng oras.

-Saan tayo pupunta upang magtago sa Diyos?
-Hindi tayo makapagtatago sa Diyos.

-Dahil ang Diyos ay nasa lahat ng dako sa lahat ng oras, maaari ba tayong magtago sa Diyos?

-Hindi.

-Kung susubukan nating magtago sa tuktok ng bundok, maaari ba tayong magtago sa Diyos?

-Hindi.

-Ang Diyos ay nasa lahat ng dako.

-Kung susubukan nating magtago sa sulok ng ating kubo, maaari ba tayong magtago sa Diyos?

-Hindi.

-Ang Diyos ay nasa lahat ng dako.

-Kung susubukan nating magtago sa palumpong ng damuhan, maaari ba tayong magtago sa Diyos?

-Hindi.

-Ang Diyos ay nasa lahat ng dako.

-Kahit na subukan pa natin ng husto, hindi tayo makapagtatago sa Diyos.

-Bakit?
-Dahil ang Diyos ay nasa lahat ng dako sa lahat ng oras.

-Ang ilang mga tao ay nag-iisip na ang Diyos ay nasa lahat ng dako dahil Siya ay tumatakbo sa lahat ng lugar.

-Hindi ito totoo.

-Ang ilang mga tao ay nag-iisip na ang Diyos ay nasa lahat ng dako dahil ang Diyos ay may malaking katawan na pumupuno sa mundo.

-Hindi rin ito totoo.

-Ang ilang mga tao ay nag-iisip na ang Diyos ay nasa lahat ng dako dahil ang Diyos ay nakaupo sa buong mundo.

-Hindi rin ito totoo.

-Sinasabi ng Aklat ng Diyos na ang Diyos ay espiritu, at Siya ay nasa lahat ng dako sa lahat ng oras.

-Walang sinumann ang katulad ng Diyos.



-Ang Diyos ay Iisa na nasa lahat ng dako sa lahat ng oras.
-Saan man tayo magpunta, ang Diyos ay naroon.

-Nakikita tayo ng Diyos sa lahat ng oras.

-Ilan ang Diyos mayroon?

-Isa lang ang Diyos.

-Sinabi ng Diyos sa Kanyang Aklat na Siya ay Isa.

-Ang Diyos ay Isa, ngunit Siya ay tatlong Persona.

-Sino ang tatlong Persona sa iisang Diyos?

-Diyos Ama, Diyos Anak, at Diyos Espiritu Santo.

-Ang Diyos ay Diyos Ama.
-Ang Diyos ay Diyos Anak.
-Ang Diyos ay Diyos Espiritu Santo.

-Ang Diyos Ama, Diyos Anak, at Diyos Espiritu Santo ay pantay-pantay na Diyos.

-Habang mas marami kang natutunan tungkol sa Diyos, mauunawaan mo na ang Diyos ay Iisa, ngunit Siya ay tatlong Persona.